# KASAYSAYAN NG IUE TANAY- Tandang-Kutyo

Taong 1995 nagpunta ang mga Pastor kasama ang mahal n Bishop Justice Raoul V. Victorino sa Tanay. Ipinatawag ang magkakapatid na Mendoza at nagpulong sila sa Tanay Municipal Hall at nakipa-ugnayan sila sa Mayor Ng Tanay.

Nagsimula ang pananambahan noong July 11, 1995 sa Catambay St. sa bahay ng kapatid Ben Mendoza sa pangunguna ni Pastor Perez. wla pang 1 taon nalipat nman ang church sa bahay ng kapatid Boy Mendoza sa Sampaloc Rd (palayan), Maraming mananambahan noon kumpleto ang mga anak at apo ng magkakapatid na, Boy, Bojot at Gegeng hinde nagtagal lumipat uli sa Cecilio St. sa bahay ng Kap. Meding Mendoza at ang huli lumipat sa Sitio Bukal Pantay Rd. Brgy. Tandang-Kutyo sa Kalapit Bahay ng kap.Bojot .dun n tumagal ang pananambahan dito nagsimula ang magkaron Paaralang lingguhan.

Dumating si Pastor Freddie, nadagdagan ang mananambahan mula sa mga kalapit na bahay at mga kaibigan ng kapatid Bojot at Nayda. Nagkaron din ng Bible Study sa pangunguna ni Pastor Freddie Fernando bago magsimula ang pananambahan at Paaralang lingguhan para sa mga kabataan sa pangunguna ni Renalyn Custodio maraming bata ang masayang nag aaral. Kapag may hindi nanambahan kung araw ng linggo ay pinupuntahan ni Pastor Freddie ang bawat kapatiran at inaayos nya ang problema kung meron. Nakakadalo lang ang mga kapatiran sa mga Gawaing National sa tulong ng ating Bishop at ng iba pang mga manggagawa.

Patuloy ang ganitong Gawain sa tulong na rin ng katulong ng Pastor Kap. Aries Mendoza at nagkaroon ng bagong guro para sa Paaralang Lingguhan sa katauhan ni Kap. Elma Mendoza.

Ng magkaron ng lupang mauupahan nagtayo ng maayos na sambahan ang mga kapatiran sa tulong ni Pastor Freddie at ng mga kapatiran.

Nang magkaroon ng palitan ng Pastor naging pastor namin si Rev. Dakila Quizon matagal syang naglingkod bilang pastor sa Tanay. Sa tulong ni Pastor Kenneth nagkaroon Ng C.R. sa aming Bahay Sambahan

Nag magkaroon ng pandemya sa ating bansa sandaling naapektuhan ang pananambahan sa IUE Tanay, salamat sa panginoon at sa ating mga manggagawa naisipan nila ang magkaroon ng online pagsambahay at sa pamamagitan nito naitutuloy naming ang pananambahan tuwing linggo sa pangunguna ni Rev. Kenneth V. Aguilera ibinili nya ng laptop ang kap. Elma para sap ag aayos ng Video ng pagsambahay.

Salamat sa Panginoon at patuloy ang Gawain at pananambahan sa IUE TANAY Tandang-Kutyo at salamat din sa mga manggagawa na nadistino sa IUE TANAY.

## MGA DESTINADONG MANGGAGAWA SA IGLESIA UNIDA EKYUMENIKAL TANAY

1. Rev. Perez

2.Rev. Wilfredo Fernando

3. Rev. Andreo Buerano

4. Rev. Emmanuel Infante

5. Rev. Leonardo Morada

6. Rev. Dakila Quizon

7. Rev. Kenneth V. Aguilera

Katulong ng Pastor

1. Aries Mendoza